BC Renal Agency
An agency of the Provincial Health Services Authority

Pagself-needling sa Iyong Fistula Gamit ang Buttonhole Method

Mga Mahahalagang Dapat Tandaan

- **Isipin ang buttonhole track na parang isang butas sa tainga para sa hikaw.**
- Piliin nang mabuti ang lugar ng iyong mga buttonhole site.
  a. Piliin ang pinakatuwid na bahagi ng iyong fistula.
  b. Ipasok ang mga karayom nang kahit man lamang 2 inches mula sa hiwa para sa fistula (anastomosis).
  c. Panatilihing magkalayô nang kahit man lamang 1 inch ang mga dulo ng karayom.
- Gamitin ang *parehong* butas, ang *parehong* anggulo at *parehong* direksyon tuwing ipinapasok ang karayom sa iyong fistula.
- Laging gumamit ng tourniquet.
- Gumamit ng mga matatalim na karayom upang magbuo ng track. Karaniwang inaabot nang 8 hanggang 18 beses upang makabuo ng isang track.
- Oras na nabuo na ang track, gumamit ng mga hindi matatalim na karayom. Huwag kailanman gumamit ng mga matatalim na karayom.
- I-report sa nars ang pamumula, pamamaga, pagkabugbog o drainage sa fistula ng iyong braso.

Pagtusok ng karayom sa Buttonhole Track

Supplies

- Malinis na tela o tuwalya
- Disinfectant swabs/wipes
- Gasa, 2–4 (2x2 inch) kuwadrado
- Tape (1 inch at ½ inch)
- 2 fistula needles
- Malinis na guwantes (2 pares)
- Matalas na tweezers o _____
- Tourniquet
- Lalagyan para sa mga karayom

Kung tinuruang ihanda ang needles:

- Dalawang (2) 10cc syringe
- Dalawang (2) 10cc syringe

1. Tingnan ang iyong access upang malaman kung mayroong sintomas ng impeksiyon (pamumula, pamamaga, pagkabugbog or drainage).
2. Tingnan kung ang iyong access ay gumagana sa pamamagitan ng pagpapakiramdam sa thrill (pagpupulso o vibration). Gumamit ng stethoscope upang pakinggan ang "umiihip" na tunog.
3. Hugasan ng maligamgam na tubig at anti-bacterial na sabon ang iyong mga kamay at access na braso.
4. Ilagay ang supplies sa iyong tela o tuwalya. Putulin ang tape.
5. Kung tinuruan ka ng iyong kidney nurse na gawin ito, ihanda ang mga syringe at i-prime ang iyong dialysis needles.
6. Magsuot ng malinis na guwantes.
7. Linisin ang lugar na tutusukan ng karayom gamit ang gasa na binasa ng disinfectant gamit ang paikot na kilos mula sa loob papunta sa labas. Hayaang matuyô sa hangin.
8. Basain ang scab o langib gamit ang gasa na may disinfectant hanggang sa lumambot ang scab. Huwag “sobrang basain” ang langib dahil ito’y magiging "malabsa" at magiging mahirap tanggalin.
9. Dahan-dahang tuklapin ang scab gamit ang gasa na may disinfectant. Kung hindi madaling tanggalin ang scab, gumamit ng malinis na tweezers o _____.
10. Gamit ang gasa na may disinfectant, linisin muli ang lugar na tinusukan ng karayom.
11. Iaplay ang tourniquet 4 inches na mas mataas kaysa sa iyong venous (top) needle site.
12. Magsuot ng malinis na guwantes.

13. Ipasok ang karayom para sa artery:
    a. Tanggalin ang takip at hawakan ang karayom sa plastic wings nang ang bukasan (bevel) ay nakaharap sa itaas.
    b. Hatakin ang balat nang may kaunting diin sa ibabâ kung saan mo ilalagay ang karayom.
    c. Ipasok ang karayom gamit ang 25 degree na anggulo. I-flat ang anggulo oras na nakita mong pumupulso ang dugo (flashback). Dahan-dahang ipasok ito hanggang sa puting dulo sa direksyon ng fistula. Kung nahihirapan kang ituloy na ipasok ang karayom, **HUMINTO** at humingi ng tulong.
    d. I-tape nang flat ang wings ng karayom.
    e. Itsek ang pagdaloy ng dugo sa pamamagitan ng paghatak sa syringe nang pataas at pababâ. Ang syringe ay dapat nasa patayong posisyon.
    f. I-clamp ang karayom.
    g. I-tape nang maigi ang karayom nang natatakpan ang exit site ng tape o dressing.
14. Ulitin ang ika-13 na hakbang upang ipasok ang venous (top) needle.
15. Tanggalin ang tourniquet.
16. Tanggalin ang syringe at ikabit ang machine tubing sa arterial needle.
17. Ulitin ang ika-16 na hakbang para sa venous needle.
18. Buksan ang needle clamps at simulan ang dialysis.

Pagtanggal ng mga Karayom

Supplies

- Malinis na tela o tuwalya
- Gasa, 2–4 (2x2 inch) kuwadrado
- Tape (1 inch at ½ inch)

1. Hugasan ng anti-bacterial na sabon ang iyong mga kamay.
2. Ihanda ang supplies, buksan ang gasa, ihanda ang tape at o mga band aid.
3. I-clamp ang parehong karayom. Ilagay ang pad sa ilalim ng braso.
4. Hawakan ang karayom habang tinatanggal ng helper o staff ang tape.
5. Ilagay ang gasa sa ibabaw ng pinagtusukan ng karayom nang hindi dinidiinan.
6. Isa-isang tanggalin ang mga karayom sa pamamagitan ng paghawak sa needle tubing gamit ang kamay na may fistula at paglagay ng gasa sa ibabaw ng butas gamit ang iyong kabilang kamay. Hugutin nang dahan-dahan ang karayom habang sinisigurado na ang gasa ay nasa ibabaw ng lugar na may butas. Hawakan nang 10 min ang sterile na gasa sa ibabaw ng lugar na may butas.
7. Takpan ang lugar ng band-aid o sterile na gasa. Tanggalin makaraan ang 4-6 na oras.